# 6

# ESP

# Teacher's Guide

This Teaching Guide is a work in progress. Despite several rounds of revision and evaluation, this material may still contain some mistakes, errors, duplications or omissions that can be revised and updated to correct learning. DepEd Region VIII welcomes corrections, feedback and recommendations to further improve this Teaching Guide.

We value your feedback and recommendations.

**Department of Education – Regional Office No.8**
**Republic of the Philippines**


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**ESP– Grade 6**
**Teacher's Guide**
**First Edition 2017**
**ISBN:**

Republic Act 8293, section176 states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. DepEd is represented by the Filipinas Copyright Licensed Society (FILCOLS), Inc. In seeking permission.

To use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent not claim ownership over them.

Published by the Department of Education – Regional Office No. 8
Regional Director: Ramir B. Uytico, Ph.D., CESO IV
OIC, ARD: Atty. Rhoan L. Orebia
Pedro T. Escobarte Jr., Ph. D., CESO V – Ormoc City Schools Division Superintendent
Sherlita A. Palma, Ed. D., CESE - Ormoc City Assistant Schools Division Superintendent

**DEVELOPMENT TEAM OF THE TEACHER'S GUIDE**

Writers: Sarah R. Landero, Judith C. Noya, Mercedes A. Culaban, Helen D. Aligway, Rama R. Kamsa, Leza D. Sanchez, Romel P. Paet
Language Editor:
Reviewers:
Emma Porcadilla
Judith Noya
Mercedes A. Caluban
Focal Person:
Henrietta T. Managbanag
LRMDS Education Program Supervisor

Printed in the Philippines by ___________________
Department of Education – Learning Resource Management and Development System (LRMDS)
Office Address : DepEd RO – 8
Ormoc City Division, Narra St., Brgy. Don Felipe, Ormoc City, Leyte
Tel. Number : (053) 561-2284
E-mail : ormocdeped.lrmds@gmail.com



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**BANGHAY ARALIN SA ESP 6**

Unang Markahan

Aralin 1 (Dalawang Araw)

**I. Layunin:**

Nasusuri muna ng mabuti ang sitwasyon bago magbigay ng desisyon. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagsusuri ng mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pagpapasya

B.P. : Katotohanan

K.P. : Mapanuring Pag-iisip

Sang. : K to 12 Grade 6 Curriculum Guide, 1.1a, Ang Batang Huwaran 6 pahina, 168-171

Kagamitan : Larawan, tsart, plaskards

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Pagsasanay:**

(Magpakita ng iba't – ibang larawan)

Sabihin kung ano ang makikita mo sa larawan.











All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.



**2. Pagbablik-aral:**

Anu-ano ang dapat nating gawin upang maiwasan ang polusyon sa hangin at sa tubig?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. Pagganyak:**

a. Sinu-sino sa inyo ang nakapaglalakbay na sa iba't – ibang lugar?

b. Saang lugar kayo nakapaglalakbay?

c. Ano ang ginawa mo doon?

d. Sino ang kasama mo sa paglalakbay?

**2. Paglalahad:**

a. Pag-alis ng sagabal:

- Wildlife Sanctuary
- nahimasmasan
- pagliliwaliw

b. Ipabasa ang kuwento sa aklat, "Ang Batang Huwaran 6" pah. 168-171

**"ANG TAMANG DESISYON"**

Masayang-masaya ang mga mag-aaral sa Agham ni Bb. Mendoza. Mangyari, pumayag ang punungguro na magsagawa sila ng isang pang-edukasyong paglalakbay batay sa pinag-aaralan nilang leksyon tungkol sa mga hitsura at ugali ng iba't-ibang hayop na matatagpuan sa Pilipinas. Sa Manila Zoo and Wildlife Sanctuary sa Metro Manila balak pumunta. O ano mga bata payag ba kayo sa lugar na napili natin. Mahinahong tanong ng guro.

"Opo," malakas ding tanggi ng ibang bata.

"Hindi po," malakas ding tanggi ng ibang bata.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

"Hintay muna. Mukhang mayroon kayong mga kamag-aral na hindi sang-ayon sa binabalak natin. Maari bang malaman ko ang inyong dahilan?" maunawaing tanong ni Bb. Mendoza.

Tumayo si Boy at nagwika, "Eh, kasi Mam, ayaw po naming dito sa Metro Manila. Masyadong malapit at mukhang hindi na po eksayting. Lagi po kasi naman natin nakikita ang lugar na ito."

Tumayo ang isa pa rin, "Opo nga! Sabi nito. "Ibig po namin ay sa Los Baños, o kaya ay sa Lipa o Tagaytay. Masarap daw po roon at magaganda ang mga tanawin."

Totoo ang sinabi ninyo, mga bata," sabi ng guro. "Subalit dapat ninyong isipin kung ano ang layunin ng ating paglalakbay. Ito ay hindi pagliliwaliw lamang. Ito ay pag-aaral. At hindi natin matatagpuan sa mga sinasabi ninyong lugar ang mga bagay na dapat nating pag-aralan," patuloy na pagpapaliwanag ng guro.

Saglit na tumahimik ang klase. Nag-isip mabuti si Boy at mga kasama niya sa sinabi ng guro. Mayamaya nagkaroon na ng magandang reaksyon ang mga bata sa kanilang pinag-uusapan.

"Ano ang masasabi mo ngayon, Boy? Tanong na muli ng guro sa ma-aaral. "Pumapayag na ba kayo ng mga kaibigan mo sa pupuntahan nating lugar? Patuloy na tanong ni Bb. Mendoza.

"Napag-usapan po namin na tama kayo, kaya pumapayag na po kami," parang nahimasmasang tugon ni Boy. "Ipagpaumanhin na po ninyo ang di naming pagsang-ayon kaagad," paghingi ng dispensa ni Boy.

Ngumiti lamang ang guro at nagwika, "Kung ganoon sasama kayong lahat sa pang-edukasyong paglalakbay na ito, ano?" pagpapatibay ng guro.

"Opo," halos sabay-sabay na pagsang-ayon ng mga magkakaeskwela.

Kung ganoon, ngayon pa lamang ay bibigyan ko na kayo ng sulat na lalagdaan ng inyong magulang bilang pagpapatunay na kayo'y pinapayagang sumama sa paglalakabay na ito. Ibigay ninyo ito sa akin sa Lunes," tagubilin ni Bb. Mendoza.

**3. Pagtatalakay:**

a. Tatalakayin ng guro ang nabasang kuwento at ipasagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang gagawin ng mga mag-aaral sa Agham ni Bb. Mendoza?
2. Saan sila maglalakbay?
3. Nagkakaisa ba sila sa pupuntahang lugar?
4. Paano sila nakumbinsi ng guro na sumang-ayon sa pasiya ng nakararami?
5. Tama ba ang ginawa nilang desisyon?

**C. Paglalahat:**

Paano natin naibigay ang tamang desisyon?

- Tumatama lamang ang desisyon kung pagkatapos ng masusing pagsusuri, ito ay napatunayang makabubuti sa nakararami.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**D. Paglalapat:**

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at ipasasadula ang mga ibibigay na sitwasyon at ipasuri kung ang tamang desisyon ay nakabubuti para sa lahat.

Nasalubong mo ang kaibigan mo na may dalang tirador. Sinabi niya na gagamitin niya ang tirador sa paghuli ng hayop. Ano ang gagawin mo?

a. Sasama sa paghuli ng hayop.
b. Kunin ang tirador at itapon.
c. Ipaliwanag sa kanila na ang hayop ay kaibigan ng tao.

**IV. Pagtataya:**

Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon at lagyan ng ang kahon kung tama ang pagsusuri at ang desisyon ang kahon kung di tama ang naging desisyon batay sa pagsusuri.

1. Nagkasundo kayong magkaibigan na magsaliksik sa aklatan. Tumanggi ka at nanood ng sine.
2. May usapan kayong dadalo sa pulong ng “No to Dope” sa barangay hall. Hindi ka darating dahil sumama ka sa iyong tiya sa pamimili.
3. Pinagkasunduan sa miting ng mga magulang at guro na magbigay ng tiglimang piso ang bawat sa magtapos na bata bilang donasyon sa gagawing bagong entablado. Pumayag ang iyong magulang ngunit hindi ka binigyan.
4. Ang buong klase ay nagkasundong magsasagawa ng pag-aaral sa Ormoc City Library. Nakapunta ka na sa lugar na ito pero sumama ka pa rin.
5. Nagkasundo ang grupo mo na magtutulungan kayo sa paggawa ng proyekto sa darating na Sabado. Dumating ka pero naglalaro ka lang ng basketball.

**V. Takdang – Aralin:**

Magbigay ng isang (1) sitwasyon sa inyong tahanan kung saan tama ang ginawang pagsusuri at naging desisyon para sa ikabubuti ng lahat.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

## BANGHAY ARALIN SA ESP 6

Unang Markahan

Aralin 2: (Dalawang Araw)

**I. Layunin:**

Nakapagbibigay ng mga tamang desisyon para sa kabutihan ng nakararami batay sa ginawang pagsusuri. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagbibigay ng mga tamang desisyon para sa kabutihan ng nakararami batay sa ginawang Pagsusuri

B.P. : Katotohanan

K.P. : Mapanuring Pag-iisip

Sanggunian: K to 12 Grade 6 Curriculum Guide pah. 81

Ang Batang Huwaran 6 pah. 172 - 174

ESP 6 PKP CG 1.1.b

Kagamitan : Larawan, Plaskards, Tsart

**III. Pamamaraan:**

A. Panimulang Gawain:

1. Pagsasanay:

   Ano – ano ang dapat nating gawin upang maiwasan natin ang magkaroon ng polusyon sa hangin at sa tubig?

2. Pagbabalik – Aral :

   Kailangan bang suriin muna natin ang bawat sitwasyon o pangyayari bago tayo gagawa nang desisyon?

   Bakit dapat suriin muna?

B. Panlinang na Gawain

1. Pagganyak:

   Nakasama ka na ba sa isang paglalakbay sa Zoo o sa ibang lugar?

   Nagpaalam ka ba sa iyong nga magulang?

   Ano ang kanilang naging sagot?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

2. Paglalahad:

Ipabasa ang kuwentong “May Tanging solusyon sa tuwina “,

Ang Batang Huwaran 6 pah. 172 – 174.

“MAY TANGING SOLUSYON SA TUWINA”

Dumating ang araw ng Lunes. Ipinasa ng mga bata ang papel na may lagda ng kanilang mga magulang sa pagtungo sa Manila Zoo at Parks and Wildlife Sanctuary.

Ngunit malungkot si Deo. Hindi siyang pinyagang sumama. Tinanong siya ni Bb. Mendoza at kinausap nang sarilinan. Nang matapos ang kanilang pag-uusap, humarap ang guro sa klase. “Mga bata, natatakot ang mga magulang ni Deo nab aka mapahamak siya sa mga hayop na naroon sa zoo, kaya ayaw siyang payagan. Ano ang masasabi ninyo?”

Tumayo ang pangulo ng klase at nagwika. “Hindi ka dapat mabahala, Deo. Ang mga hayop sa zoo ay nakakulong sa mga kulungang may susi. Bukod pa rito, may mga tagapangalaga ang mga ito.”

“At saka may mga alintuntunin tayong susundin upang di mapahamak,” susog ni Dick.

Tumunog na ang bel. Uwian na ay malungkot pa rin si Deo. Napuna siyang muli ng guro at nilapitan siya. “Deo, ipaliwanag sa mga magulang mo ang narinig mo sa klase at huwag kang mawalan ng pag-asa. Nais kong amkasama ka. Mahalaga ang matutuhan mo sa pang-edukasyong paglalakbay na ito,” hikayat pa ng guro.

Tumango lamang si Deo at humakbang na pauwi. Maglalakad na lamang siya habang nag-iisip.

Kinabukasan, maagang dumating sa paaralan si Deo. Maliksi ang katawan nito at mukhang masayang-masaya.

Ano ang sikreto mo, Deo at ganyan ang hitsura mo?” natutuwa rin subalit nagtatakang tanong ni Bb. Mendoza.

“Nauunawaan na po ng aking mga magulang na hindi sila dapat matakot, ganoon din po ako. Basta susundin ko po lamang ang dapat na pag-iingat at tagubilin ninyo Bb. Mendoza,” hindi magkandututong sagot ni Deo. “Payag na payag na po sila. Heto nga po pala ang pirmadong papel ng pagpayag abot nito sa nakatawang guro.

Nagpalakpakan sa tuwa ang mga bata dahil lahat sila ay makakasama na.

III. Pagtatalakay

1. Bakit hindi pumayag sumama sa paglalakbay ang magulang ni Deo?
2. Ano ang ginawa ng pangulo ng klase at ni Deo upang magkaroon ng solusyon ang problema ni Deo?
3. Paano napapayag ni Deo ang mga magulang?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

- ❖ Ang paggawa ng solusyon ay ibinabatay sa wastong pagsusuri at dapat isaalan-alang ang kapakanan ng mga nakararami.

C. Paglalahat

Ang pagbibigay ng tamang desisyon para sa kabutihan ng nakararami ay isang hakbang upang maipakita ang pagkakaisa. Kailangang isiping mabuti at bigyan ng masusing pagsusuri kung ito ba ay makabubuti sa nakararami.

IV. Paglalapat:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa tatlo (3).

Panuto:

Pag-aralan ang sitwasyon, bigyan ito ng tamang desisyon para sa kabutihan ng nakararami.

Ang bawat pangkat ay susulat ng isang talata tungkol sa napiling desisyon.

**Sitwasyon 1**

Malinis ang paligid at mga kalsada sa isang pook (rural). Berde ang kapaligiran at payapang namumuhay ang mga tao rito . Pag-aari ng mga magsasaka ang lupang sinasaka at tinitirhan ng mga magsasaka sa lugar.

Isang araw, may dumating na dayuhan sa lugar. Inalok ng malaking halaga ang bawat sambayanan sa pook. Bibilhin ng mayamang dayuhan ang buong pamayanan para pagtayuan ng plantsa ng semento.

Kung kayo ay kabilang sa mga naninirahan sa nabanggit na pook, paano ninyo mapanatiling malinis at mapayapa ang lugar?

**Sitwasyon 2**

Nagtatalo ang klase ni Bb. Lopez kung sino ang dapat magtanim ng mga halaman sa paligid ng paaralan at kung sino ang dapat maglinis. Sabi ng mga lalaki ay sila ang magtatanim dahil gawaing panlalaki iyon at ang mga babae ang dapat maglinis dahil iyon ay gawaing pambabae.

Ayaw ng mga babae, gusto nila ang pare-pareho nilang gawin ang pagtatanim at paglilinis. Ipinaliwanag nila na ang bawat isa ay may tungkuling pagandahin at linisin ang kanilang paligid.

Bakit nagtatalo ang klase ni Bb. Lopez?

Anu-ano ang dahilan ng mga lalaki at ng mga babae?

Ano ang naging desisyon nila?

Sitwasyon 3

Walang hanapbuhay si Mang Martin. Inalok siya ng isang drug pusher ng mataas na sahod araw-araw para magbenta ng mga ipinagbawal na gamot.

Kung ikaw si Mang Martin, tatanggapin mo ba ang alok ng drug pusher? Bakit?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**IV. Pagtataya:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat kung tama o mali ang naibigay na desisyon.

1. Nagkasundo kayong magkaibigan na magsaliksik sa aklatan. Tumanggi ka at nanood ng sine._______

2. May usapan kayong dadalo sa pulong ng “No to Drugs” sa Barangay Hall. Hindi ka dumating dahil sumama ka sa iyong tiya sa pamimili. __________

3. Ang buong klase ay nagkasundong magsagawa ng pag-aaral sa Laguna Ecocentrum. Nakarating kana roon, subalit sumama ka pa rin.

4. Galing sa mahirap na pamilya si Nicholas. Matalino siya kaya pinapag-aral siya ng pamahalaan bilang iskolar hanggang sa maging isang doctor. Dahil dito, nagdesisyon siya na doon magtatrabaho sa America upang makatulong sa mga dayuhan. _______

5. Si Luisa ay isang dalagang hindi nakapagtapos ng pag-aaral dahil sa barkada. Lagi siyang pinagsasabihan at pinagagalitan ng kanyang mga magulang. Gusto na lang ni Luisa na mag-asawa kahit walang trabaho ang lalaki para lang siya makaalis sa kanila.__________

**V. Takdang-Aralin**

Magbigay ng limang (5) tamang desisyon na nagawa na nagbibigay kabutihan na nakararami.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

## Edukasyon sa Pagpapakatao 6

(First Quarter)

Banghay-Aralin 5-6 (Dalawang Araw)

**I. Layunin:**

Nagkukusang tumutulong sa kapwa kung kinakailangan. **( EsP6PKP-Ia-i-37 )**

**II. Paksang-Aralin:**

"Pagtulong sa kapwa ng may Pagkukusa"

B.P= Mapanuring Pag-iisip

K.P= Positibong Pagkilala sa Sarili

Sanggunian: EsP6 CG 1.1.1 pahia 81

Kagamitan:

Mga larawan,

Video clip:" Pagtulong sa Kapwa" (**https://www.youtube.com/watch?v=qopg54dkjdo**)

**III.Pamamaraan:**

A. Panimulang Gawain

1. Pagsasanay: Isa-isahin ang mga paraan ng pagiging mapagmahal na anak.
2. Balik-aral:

Tanong: Ano ang karapat-dapat na gawi kung nais nating tumulong sa ating kapwa?

B. Panlinang na Gawain:

1. Pagganyak:

Awitin ang Magtanim ay di biro

2. Paglalahad:

Ipakita ang Video clip na "Ang pagtulong Sa Kapwa"

**(https://www.youtube.com/watch?v=qopg54dkjdo)**

Itanong ang mga sumusunod pagkatapos Makita ang video clip.

1. Ano ang ginagawa ng magkakaibigang Ray, Mikko at John?
2. Sino ang napilayan?
3. Ano ang ginawa nina John at Mikko ukol sa nangyari kay Ray?
4. Ano ang gagawin niyo kung kayo ang kaibigan ni Ray? Bakit?
5. Ano ang mararamdaman ni Ray sa ginawa nina Mikko at John?

Karagdagang Gawain:

Pangkatin sa apat na grupo ang mga bata at magbigay ng pag-uulat ukol dito
Tingnan ang mga sumusunod na larawan:



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

A



B



C




D.



Mga Katanungan:

1. Sa Larawan A, ano ang ginawa ng bata sa batang umiiyak?
2. Sa larawan B, anong kalamidad ang nangyari at nagkaroon ng pagtutulungan?
3. Sa larawan C, anong ahensya ng Gobyerno ang nagbigay ng tulong sa mga tao?
4. Sa larawan D, anong grupo ang bulontaryong tumulong?

C. Paglalahat:

Sinu-sino ang makapagbigay ng tulong sa kapwa?

Paano mo maipapakita ang kusang loob na pagtulong mo sa iyong kapwa?

D.Paglalapat:

Tingnan ang larawan…

Tama ba ang mga tulong na ibinigay sa larawan? Ipaliwanag.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.



**IV. Pagtataya:**

Isulat ang tsek (✓) kung ito ay pagtulong ng kusa at ekis (x) kung hindi.

1. Tumulong ka ngunit nagdadabog.__
2. Masaya mong binigyan ng pinaglumaang damit ang isang batang lansangan.__
3. Nakasimangot ka habang lumalapit sa iyo ang matandang babae.__
4. Nakangiti kang binigyan ng pagkain ang isang pulubi.__
5. Sinigawan mo ang matandang lalaki na humihingi ng maaiinum na tubig.__

**V. Takdang-Aralin:**

Sumulat ng isang talata kung may naggawang pagtulong ng kusang loob.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Lesson Plan in EsP 6**
**Aralin 7 & 8**
1st Quarter

**I. Layunin:**

Naisasagawa ang mga gawain nang maluwag sa loob. **(EsP6PKP-Ia-i37)**

**II. Paksang Aralin:**

- Makagawa ng mga Gawain nang maluwag sa loob

B.P. : Pagmamahal

K.P. : Positibong Pagkilala sa Sarili

Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI pah. 11, Banghay aralin sa Character Education p. 2-3

Kagamitan : Larawan, manila paper, cards, plascards

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Bakit mahalaga ang pagtupad sa pangako?

**B. Panlinang na Gawain**

1. ***Pagganyak***
   a. Anu-ano ang mg proyekto na nakatutulong sa pagpapa-unlad ng ating mga pook-pampubliko sa pamayanan?
   b. Sabihin kung ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan na ipapakita.





2. ***Paglalahad***

Malapit na ang kapistahan sa Barangay Masaya. Naglunsad ng proyektong "Clean and Green ang punong Barangay. Bilang kasapi ng barangay, ano ang gagawin mo?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

*Hayaang sumagot ang mga bata.

a. **Pagdevelop ng mga Pagpapahalaga**

* Pangkatin sa apat tatlong (3) ang klase.

* Ganyakin ang bawat grupo na magkaroon ng brainstorming tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan.

| Kalye |
|---|

| Kanal |
|---|

| Tapunan ng Basura |
|---|

*Ibigay ang pamantayan sa pagpapangkatang gawain
*Ipaulat ang output ng bawat grupo

3. ***Pagtalakay***
   1. Anong proyekto ang inilunsad ng punong barangay?
   2. Anu-anong kaisipan ang nabuo ng bawat pangkat?

4. ***Paglalahat***

Dapat bang gumawa ng isang gawain na maluwag sa loob? Bakit?

5. ***Paglalapat***

Pumili ng mga gawaing nagawa niyo sa inyong barangay nang maluwag sa loob?

- Sumali sa Pentakasi
- Magtatanim ng halaman
- Nagtatapon ng basura kung saan-saan
- Sumasali sa liga ng barangay
- Naglilinis ng kanal

**IV. Pagtataya:**

Paggamit ng tseklis.

*Panuto: Matapat na tsekan ang angkop na kahon sa tseklist.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

| Ginagawa ko ba ito? | Lagi | Madalas | Bihira | Hindi |
|---|---|---|---|---|
| 1. Itinatapon ko ang basura sa basurahang may takip. | | | | |
| 2. Nagdudura ako kahit saan. | | | | |
| 3. Itinatapon ko ang balat ng aking pagkain kung saan-saan. | | | | |
| 4. Iniiwasan ko ang pagsulat sa mga dingding at pader sa paligid. | | | | |
| 5. Pinipitas ko ang magagandang bulaklak na aking nakikita sa kalye. | | | | |

**V. Kasunduan:**

Gumuhit ng isang gawain na nagawa niyo ng maluwag sa loob.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Lesson Plan in EsP 6**

1st Quarter

**I. Layunin:**

Nakapagsusuri ng sitwasyon bago magbigay ng pasya/konklusyon. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagsusuri ng sitwasyon bago magbigay ng pasya/konklusyon.

B.P. : Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking)

K.P. : Pananagutang Pansarili

Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI pah. 11,

Kagamitan : Tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Paano ipinakita ni Efren na pantay ang kanyang pagtingin sa pagbibigay ng pasya?

**B. Panlinang na Gawain**

1. ***Pagganyak***

Naranasan nyo na bang malagay sa alanganin dahil sa kaibigan?

2. ***Paglalahad ng Sitwusyon***

Si Romy ay nasa ika-anim na baitang. Isang hapon habang naglalakad siya pauwi ng bahay, may natanaw siyang isang grupo ng mga batang nagkakatawanan. Kabilang dito ang matalik niyang kaibigan na si Jose. Pagtapat niya sa pangkat nakita niyang may hawak na sigarilyo ang mga ito. Inialok siya ni Jose na tumitikim at binantaan pa siya na kapag hindi siya mapagbigyan, kalimutan na nito na magkaibigan sila. Sandaling nag-isip si Romy. Naalala niya ang itinuro ng kanilang guro tungkol sa sitwasyong ito. Umiling lang si Romy at tuluy-tuloy na umalis.

3. ***Pagtalakay***

a. Sinu-sino ang matalik na magkaibigan?

b. Sinu-sino ang natanaw ni Romy habang siya'y naglalakad?

c. Ano ang ginagawa ng mga ito?

**C. Paglalahat:**

Nakabubuting suriin muna ang sitwasyon bago magbigay ng pasya.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**D. Paglalapat:**

Ano ang nararapat mong gawin kung ikaw ay nasa alanganing sitwasyon?

**IV. Pagtataya:**

Isulat ang sagot sa papel, ang tamang pagsusuri sa sitwasyong ibinigay.

1. Sinabi ng kapitbahay mo na ang iyong kapatid ay palaging lumiliban sa klase. Ano ang gagawin mo?

2. Pumapangalawa ka sa klase ninyo sa mathematics. Mayroong paligsahan sa inyong paaralan at ang kasali sa contest ay absent. Ikaw ang napiling ihalili. Ano ang iyong gagawin?

3. Niyaya ka ng kaibigan mong maligo sa ilog. May pasok kayo sa araw na iyon at mahigpit na ipinagbabawal ng iyong magulang ang gawaing ito. Ano ang iyong gagawin?

4. Nakita mong umiiyak ang kapatid mo habang nakikipaglaro sa batang kapitbahay niyo. Ano ang gagawin mo?

5. Inutusan ka ng nanay mo na bumili ng toyo at suka sa tindahan. Pagkatapos mong bumili, nalaman mong sobra ang isinukli sa'yo ng tinder. Ano ang gagawin mo?

**V. Takdang – Aralin:**

Sisikaping suriin muna ang sitwasyon bago magbigay ng pasya.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Lesson Plan in EsP 6**

1st Quarter

**I. Layunin:**

Nakapagsusuring sitwasyon bago magbigay ng pasya/konklusyon. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagsusuri ng sitwasyon bago magbigay ng pasya/konklusyon.

B.P. : Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking)

K.P. : Pananagutang Pansarili

Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI pah. 11, Ang Batang huwaran 6 p. 80

Kagamitan : Tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Paano ipinakita ni Efren na pantay ang kanyang pagtingin sa pagbibigay ng pasya?

**B. Panlinang na Gawain**

**1. *Pagganyak***

Naranasan nyo na bang malagay sa alanganin dahil sa kaibigan?

**2. *Pagdevelop ng Pagpapahalaga***

* Pangkatin sa dalawa (2) ang klase.

* Ganyakin ang bawat grupong magkaroon ng maikling debate tungkol sa paksang:

*Alin ang higit na mainam, ang maagang pag-aasawa o ang pag-aasawa sa edad na tatlumpu (30) pataas?*

* Sabihin:

a. Bago natin simulant ang pagdedebate, bibigyan ko ang bawat grupo ng sampung minute para pag-aralan ang panig na paninindigan.

b. Suriing mabuti ang sitwasyon bago magbigay ng desisyon.

*Debate ng dalawang grupo



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

***3. Pagtatalakay***

*Ipaebalweyt sa bawat grupo ang mga pasya/konklusyon nila tungkol sa paksa

*Itanong:

Ano sana ang dapat na ginawa ng mga kasapi ng grupo para magtagumpay sa gawain? Makatarungang makapagbigay ng pasya/konkusyon?

**C. Paglalahat**

Nakabubuting suriin muna ang sitwasyon bago magbigay ng pasya.

**D. Paglalapat**

Ano ang nararapat mong gawin kung ikaw ay hinihingan ng payo ng iyong kaibigan tungkol sa problema niya?

**IV. Pagtataya:**

Sabihin kung nagsuri ka o hindi nagsuri sa sumusunod na sitwasyon:

1. Nakita mong may pinagkainang plato sa mesa. Si Lita ang naabutan mo sa bahay. Sinabi mong siya ang kumain at hindi nagligpit ng pinagkainan.
2. Umiiyak si Nene. Hawak niya ang binti niya na may dugo. Tiningnan mo ito. Nakita mong may hiwa ang binti niya. May sugat si Nene.
3. Kumakahol si Brownie. Sinilip mo sa bintana kung ano ang kinakahulan niya. Nakita mo na sinisingasingan siya ng pusa. Kinakahulan niya ang pusa.
4. Nakita moa ng isang ticket sa sine sa bulsa ng nilalabhan mong pantalon ni Kuya. Sinabi mo sa nanay mo na nanood siya ng sine. Pinalo siya ni nanay.

**V. Kasunduan:**

Magsuri muna ng sitwasyon nago magbigay ng pasya o konklusyon.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**ESP 6**

Aralin 9-10 (Dalawang Araw)

**I. LAYUNIN:**

Nasisimulan at natatapos ang gawain sa takdang panahon. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. PAKSANG-ARALIN:**

"Pagsimula at Pagtatapos ng Gawain sa takdang Panahon"

B.P- Mapanuring pag-iisip

K.P- Pananagutang Pansarili

Sanngunian: Esp CG 1.1.1 pahina 81

Ang Batang Huwaran, pahina 61-63, ni Edita E. Peza

**III. PAMAMARAAN:**

1. Balik-Aral:

   Ano ang dapat isaalang-alang sa pagbigay ng pagpapasya?

2. Panlinang na Gawain:

   Tingnan ang Larawan…



**Itanong:**

1. Paano kaya natin maisasagawa ang mga bagay bagay na hindi tayo nagmamadali o kaya'y nagpa panic?
2. Paglalahad:

   a. Ilahad ang kwento

**"Ang Sikreto ni Ate"**

Ang Huwarang Bata ni Edita E. Peza pahina 61-63…

Titser si Ate. Marami siyang gawaing pang-eskwela. Alas seis pa lamang ng umaga, nasa paaralan na siya. Alas 12:30 kumakain na ng tanghalian. Magtuturo muli siya sa ala 1:00 hanggang alas 3:00 ng



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

hapon. Alas 3:10 hanggang alas 8:00 ng gabi nasa pribadong pagtuturo naman siya.darating siya sa bahay sa ganap na alas 9:00 na ng gabi. Ganyan ka-hectic ang iskedyul ng ate ko. Ang sabi nga nila, workaholic ang titser na ito. Pero bakit lagi pa siyang maganda, masaya, at malusog?

Nadiskubre ko ang sikreto ni ate nang di-sinasadya. Isang araw kasi ako ang naglinis ng kuwarto niya, Alam mo ba kung ano ang natuklasan ko? Hindi naman kagulat-gulat pero pag-iisipan mo. Paano pa niya nagagawa ito.

Oo. Sa loob ng 30 minuto bawat umaga, sinusunod niya ang iskedyul ng mga gawaing pangkaangkupang pisikal tulad ng ehersisyo, laro, at mabilis na paglalakad. Imposible ba? Tama ka, hindi imposible. Kayang-kaya rin nating gawin. Ang maganda, gumawa tayo ng iskedyul at sundin natin ito. O, ano umpisahan na natin.

3. Pagtatalakay

   1. Ano ang nakagawian ng Ate sa kanyang mga gawaing pang araw-araw?
   2. Bakit mahalaga ang paggawa ng naayon sa oras na nakasaad nito?
   3. Sa inyong palagay, ano kaya ang mga gawain na maari ninyung gawan ng iskedyul?

C. Paglalahat:

Ano ang dapat gawin kapag may mga gawaing nakatakda?

D. Paglalapat:

Ano ang iyong gagawin sa sumusunod na sitwasyon?

1. Inaatasan ka ng iyong ina na pagdating ng alas 6:30 ng umaga nakasaing na ang kanin? Ano ang dapat mong gawin?
2. Inutusan ka at ang tatlo mo pang kaklase na diligan ang mga gulayan bago mag alas singko ng hapon, ano ang dapat niyong gawin?

**IV. PAGTATAYA:**

Panuto: Tingnan ang larawan at sumulat ng dalawang pangungusap ukol ditto.



**V. TAKDANG – ARALIN:**

Isulat sa buong papel ang inyung gawain nakatakda tuwing Sabado.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Edukasyon sa Pagpapakatao (1st Quarter)**
Aralin 11-12 (Dalawang Araw)

**I. Layunin:**

Nasisimulan at natatapos ang gawain sa takdang panahon. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang-Aralin:**

"Pagsimula at Pagtatapos ng Gawain sa Takdang Panahon"

B.P : Mapanuring Pag-iisip

K.P : Pananagutang Pansarili

Sanggunian: EsP6 CG 1.1.1 pahina 81

Kagamitan: mga larawan,website
https://www.facebook.com/espgrade9/posts/598360880293080

**III. Pamamaraan:**

A. Panimulang Gawain:
1. Pagsasanay: Basahin ang mga sumusunod:

   Oras panahon Gawain Pagpapahalaga
2. Balik Aral: Ano ang dapat isaalang-alang kung may nakatakdang gawain?

B. Paglinang na Gawain:

1. Pagganyak: Dapat bang tapusin ang nakatakdang gawain?

2. Paglalahad: Ano ang masasabi ninyo sa larawan?

A.



B.



3. Pagtatalakay:

Mga tanong ukol sa larawang naipakita:

1. Ano ang nakikita nyong pagkakaiba sa larawan A sa larawan B?

2. Sa inyung palagay, matatapos kaya ng dalawang grupo ang gawaing isinasagawa?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

Basahin ang mga Paraan sa Paggawa ng Gawain sa Takdang panahon

PAMAMAHALA AT PANGANGASIWA NG ORAS

Sa kultura nating Pilipino may tinatawag na mañana habit. Ito ay ang pagpapabukas ng gawain.

May nakakapag-aksaya sa oras natin:

1. Isa na rito ay ang pagpapaliban ng gawain.
2. Ang paggamit nito nang walang katuturan ng dahil sa mga "distraction".
3. Ang hindi maayos na paggawa ng iskedyul.
4. Ang sobrang pag-aalala. May taong pinapangunahan ng takot at sobrang pag-iisip kaya may nasasayang na sandali. Sa halip na mag-alala ng labis marapat na gumawa kaagad.

Ang Oras o Panahon

Ang oras ay tumutukoy sa panahon, pagkakataon, saglit, araw, at sa gaano katagal ang iginugol sa isang paggawa. Ito ay isang mahalaga at kakarampot na yaman. Kaya naman ang oras o panahon ay itinuturing na mainam na pambalanse sa lahat ng bagay. Tayo ay pinagkalooban ng 24 oras bawat araw anuman ang ating estado o katayuan sa buhay. Ngunit sa kabila ng kahalagahan nito, hindi binibigyan ang oras ng kaukulang pansin. Marami pa rin ang hindi nakauunawa sa kahalagahan nito. Mayroon nga tayong tinatawag na Filipino time sa ating kultura. Kapag ang magkakaibigan ay may usapan na magkikita at dumating ang isa sa lagpas sa itinakdang oras, ayan ang tinawag sa Filipino time. Ibig sabihin, hindi siya marunong tumupad sa pinagkasunduang oras. Ang taong marunong magpahalaga sa oras ay siyang may mahusay na nagagawa. Hindi siya naaantala o nahuhuli. Nakatatapos siya ng gawain sa takdang oras. Ang pagiging maagap ng tao ay nagpapahiwatig na may pagpapahalaga siya sa oras ng ibang tao. Hindi niya nanaisin na masayang ang sariling oras pati na rin ang oras ng kanyang kapuwa. Ang ganitong uri ng tao ay itinuturing ang panahon o oras bilang isang kayamanan.

Ang bawat tao ay nakaasa sa panahon. Ang iyong mga gawain ay apektado ng kung anong oras mayroon ka. Kung titingnan natin, ang lahat ng narito sa mundo ay dikta ng oras. May nakatakda kung kailan at kung anong oras dapat matapos ang gawain. Tulad ng isang manggawa na kontraktuwal. Hindi niya makakamit ang kanyang gana o suweldo sa katapusan ng buwan kung hindi niya matatapos ang gawaing iniaatas sa kanya. Kaya para sa isang manggagawa, pagsisikapan niyang gamitin ang oras na mayroon siya sa maghapon at sa loob ng isang buwan para matapos ang gawain.

Ito ay nagpapatunay na napakahalaga at hindi kailanman mabibili ang oras at panahon. Ipinahihiwatig din na ang pagpa-prioritize at pagpaplano ng gawain sa takdang panahon ay makatutulong upang ikaw ay maging mapanagutan, kapaki-pakinabang at matagumpay na mag-aaral, gayon na rin bilang kasapi sa isang pamilya, lipunan at bansa. Ang oras o panahon ay nararapat lamang na ginagamit nang husto at wasto ayon sa pangangailangan ng gawain. Ito ay dapat matalinong inilalaan sa makabuluhang gawain. Kapag ito ay nagamit nang maayos, ang bawat araw ay magiging ganap at may bunga. Kahit ang pinakamasipag na tao ay hindi kayang gawin ang lahat ng gawain kaya naman kailangan na nakaplano ang pagsasagawa ng bawat isa batay sa halaga ng mga ito.

Pangangasiwa o Pamamahala ng Oras

Isa sa nabanggit na dahilan kung bakit mayroong nasasayang na oras ay sanhi ng mañana habit sa mga Filipino. Narito ang ilang mungkahi upang maiwaksi ang pagpapaliban sa paggawa:

1. Pagtukoy sa iyong layunin na magbibigay ng direksiyon sa nais mong matupad.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

Magplano para sa iyong buhay.

2. Pagtukoy sa kung ano ang iyong pangangailangan sa kinahaharap na gawain.
3. Pagtasa sa mga gawain. Kung ito ay malawak, simulan sa pinakamaliit na gawain hanggang sa mabuo at matapos ang gawain. Ang pagsisimula sa pinakapayak at madaling Gawain ay makapagdudulot ng kasiyahan o sense of achievement.
4. Pag-aayos ng mga kongkretong hakbang o plano ng pagkilos upang matapos nang maayos. Magtakda ng araw kung kailan tatapusin ang gawain. Iwasang malihis sa ibang gawain. Mag focus.

Matapos kang magkaroon ng tiyak na layunin sa kung anong direksyon ang tatahakin mo o kung ano ang iyong gagawin, mabuting magkaroon ka ng dyornal. Dito sa kuwadernong nasabi ay isulat kung ano-ano ang kongkretong hakbang na gagawin at magtakda ng araw kung kailan dapat matapos ang gawain. Ituon ang pansin sa mga bagay-bagay na nakapaloob sa plano ng pagkilos.

5. Gumawa. Itakda ang oras. Gantimpalaan ang sarili sa tuwing may natatapos na gawain.

Kadalasan ang mga guro ay subsob sa gawaing pampaaralan, pambahay at pansarili. Ngunit sa kabila nito ay may isang guro sa elementarya mula sa isang pribadong paaralan na nagngangalang Teacher Dang ang malimit gantimpalaan ang sarili sa pamamagitan ng paglalakbay sa tuwing matatapos ang isang semestre. Sa loob ng ilang buwang nakatuon ang isip at puso niya sa pagtuturo sa mga nursery at kinder pupils ay talaga naman nakakapagod. Kaya naman sinisiguro niyang makabiyahe siya o hindi kaya umuwi sa kanilang probinsiya sa Batangas para lang makapagpahinga at makasagap ng sariwang hangin. Pakiramdam ni Teacher Dang na nagagantimpalaan niya ang sarili sa tuwing matatapos ang isang taong pagtuturo sa paaralan.

6. Tasahin kung nagawa ang nararapat gawin. Maging matiyaga at kapaki-pakinabang. Huwag susuko..Pagpaplano ng Oras upang magabayan ka sa pagpaplano ng oras, narito ang ilang maaari mong gawin:

a. Timbangin ang iyong oras para sa pag-aaral, trabahong bahay, pagtulog, pagtulong at pananalangin.
b. Planuhin ang kinakaharap na “grading period”.
c. Gumawa ng layunin sa bawat asignatura.
d. Alamin kung gaano kahaba ang kinakailangang gugulin para sa pag-aaral sa mga asignatura.
e. Mag-aral sa tamang lugar. Humanap ng isang lugar sa loob ng tahanan kung saan maaaring mag-aral.
f. Planuhin kung paano kinakailangang humingi ng tulong sa mga guro at kamag-aral sa mga araling hindi naunawaan nang lubos.
g. I-prioritize ang mga asignaturang pag-aaralan.
h. Alamin ang mga epektibong paraan ng pagbabalik-aral at pagsusuri sa mga babasahin.
i. Alamin ang sining sa pagtatanong. Maraming matututuhan kung nagtatanong.
j. Gamitin nang kapaki-pakinabang ang oras.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

Sa Tamang Oras: Landas sa Pag-unlad

Marami nang naimungkahi tungkol sa paggamit ng oras ngunit hindi pa sapat iyon. Narito ang paunang mga linya sa awiting pinamagatang Kanlungan na isinulat at inawit ni Noel Cabangon:
"Pana-panahon ang pagkakataon, maibabalik ba ang kahapon?"

May oras o panahon ang lahat ng bagay dito sa mundo ayon sa awit ngunit ang tanong ng kompositor ay kung maibabalik pa ang nakalipas na panahon. Ano sa iyong opinyon ang tanong ng kompositor?

.Ang pagpapahalaga sa oras ay makataong tawag para sa isang malayang pagdedesisyon at kaayusan sa kilos. Balik tanawin ang kuwento sa paglikha ng Banal na Ispiritu. Ginamit niya ang bawat sandali sa makatuturang gawain. Ngunit bago niya ito isinakatuparan, nagkaroon siya na malalim na pag-iisip, sinundan ng malayang pagpapasya na gusto niyang magkaroon ng buhay sa kanyang likha. Hindi nagtapos sa ganon lamang. Sa halip, nilapatan niya ng kaayusan. Inisa-isa niya ang paglikha sa bawat araw.
Ang tao ay marapat na maging tulad ng Banal na Ispiritu sa pananaw ng pamamahala sa paggamit ng oras. Sa tamang pamamahala ng oras, ang tao ay inaasahang maging mapanagutan at kapaki-pakinabang sa mga gawain niya sa lipunan niyang kinagagalawan.

(Ipinapaliwanag ng guro ang bawat paraan)

Mga Tanong:

1. Mapakinabangan ba ang mga nasabing paraan?
2. Ano ang maaring maidulot ng mga paraang ito sa inyung mga tatahaking Gawain?
3. Sa inyung palagay, makatutulong ba sa inyu ang mga ibinigay na pamamaraan?

C. Paglalahat:

Anu-ano ang paraan upang magawa ang mga gawain sa takdang panahon?

D. Paglalapat:

-.Magkakaroon ng isang pagtitipon ang lahat ng kasapi sa "Yes-O" sa inyung paaralan,sa susunod na lingo nais ng iyong guro na makagawa kayo ng campaign info drive tungkol ditto,anu-ano ang inyong gagawin?

**IV. Pagtataya:**

Panuto: lagyan ng tsek ang mga ( ✓) ang mga palatandaang ginagawa mo at ekis (X) ang hindi mo pa ginagawa.

| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Gumagawa akong mag-isa at di-umaasa sa tulong ng iba.<br>2. Gumagawa ako ng sariling gawain.<br>3. Gumihingi ng tulong kung kinakailangan lamang.<br>4. Umiisip at gumagawa ng lahat ng paraan sa abot ng aking makakaya.<br>5. Natatapos ang mga itinakdang gawain sa tamng oras. | | | | | |

5-pinakamataas 1-pinakamababa

**V. Takdang-Aralin:** Ano ang dapat mong gawin sa mga takdang-gawain na inaatas sa iyo ng guro?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Lesson Plan in EsP 6**
**Aralin 13-14**
1st Quarter

**I. Layunin:**

Sumasang-ayon sa pasiya ng nakararami kung ito'y nakabubuti.

**(ESP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pasiya Para sa Nakararami

B.P. : Katotohanan

K.P. : Mapanuring Pag-iisip

Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI,CG 1.1.2 GMRC To Children p. 110-111

Kagamitan : Larawan ng mga batang nagbobotohan

**III. Pamamaraan:**

**A. Paglinang na Gawain**

1. ***pagganyak:***

Naging modelo ka na ba sa isang mabuting desisyon? Ibahagi sa lahat.






**B. Panimulang Gawain**

**1. Pagsasanay:** Sagutin kung kailangan ba ang desisiyon ang mga sumusunod:

1. Pagpili ng Pagkain

2. Pag-aaral

3. Pagpunta sa Kaklase

4.Pagkampi sa barkada

5. Pagsali sa contest


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

2. ***Paglalahad:***

1. Pagbasa ng kwento

"Ang Manok"

Naglalakad papunta sa paaralan sina Rey, Nilo at Marco. Napagkasunduan nilang maglaro sa parke bago magpunta sa paaralan. Nang makita ni Rey ang oras na sampung minuto na lamang bago mag bell para sa flag ceremony nagpasya na siya para pumunta sa paaralan. Hinikayat siya nina Nilo at Marco na huwag nang dumato sa flag ceremony.

Nagdesisyon si Rey na mag-isa at nanaig sa kanya na dumalo sa flag ceremony. Kaya't siya'y pinagtawan at pinangalanang manok, manok!!

3. ***Pagtalakay:***

1. Anong ginawa nila Nilo, Marco at Rey bago pumunta sa paaralan?
2. Bakit nag-aalala si Rey sa kanilang ginagawa?
3. Kung ikaw si Rey, gagawin mo rin ba and ginawa niya?

**4. Paglalahat:**

Magbigay ng isang sitwasyon na kayo rin ang kailangang magdesisyon para sa inyong kabutihan at kabutihan ng lahat o nakararami.

5**. Paglalapat**:

1. Magsagawa ng botohan.
2. Piliin kung sino ang dalawang kaklase ninyo ang pwedeng Mamahala sa kalinisan at kapayapaan ng buong klase. Pagkatapos ng botohan, Ipaliwanag ang iyong naging pagpapasya.

**IV. Pagtataya:**

Ibigay ang katangian ng mga sumusunod ayon sa naging sitwasyon no kwento.

1. Rey -
2. Nilo -
3. Marco –

**V. Takdang – Aralin:**

Gumawa ng isang dula-dulaan na naglalaman ng pagpapakita ng pagsang-ayon sa pasiya pang nakararami para sa ikabubuti.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Banghay Aralin sa EsP 6**
**Aralin 15-16**
1st Quarter

**I. Layunin:**

Isinasaalang alang ang kapakanan ng mga apektado sa paggawa ng pasya. **(EsPKPK.Ia-i-37)**

**II. Paksang- Arallin:**

Pasya para sa Nakararami
B.P: Katotohanan
K.P : Mapanuring Pag- iisip
Sanggunian: CG 1.1.2, Kabutihang Asal 6, pahina 108-110
Kagamitan: Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. Pagsasanay:

   Sabihin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita:

   Mapanuri Nagtalo Nagwika

2. Balik- aral

   Bakit pinagtawanan at tinawag na "manok" si Rey?

   Mahalaga ba ang naging pasya niya?

**B. Panlinang na Gawain**

1. Pagganyak

   Ano ang nakikita ninyo sa larawan?





**2. Paglalahad**

Pagbabasa ng kuwento ng mga bata

*__Ang Matalinong Hari__*

Kilala si haring Solomon sa pagiging mahusay at matalin0ong hari. Minsan sa kanyang kaharian dalawang ina ang nagtalo. Inaangkin nila pareho ang isang sanggol. Ang sabi ang isang ina ay anak daw niya ang bata. Ang sabi naman ng isa ay sa kanya daw ang sanggol.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

“Yamang hindi natin malaman kung sino sa inyong dalawa ang nagsasabi ng totoo, inuutos ko na hatiin ninyo ang bata, ng sa gayon Ay pareho kayo magkaroon ng anak”, wika ng hari.
Biglang umiyak ang isa sa dalawang ina at nagsabi,”huwag pio, huwag po ninyong hatiin ang bata.mas nanaisin ko po na mapasa kanya ang bata kaysa Makita kong mamatay sa pagkahati. Mahal na Hari sa kanya na lamang po ang bata.”
“Ibigay ang bata sa babaeng ito. Siya ang tunay na ina ng batang ito.” Pag uutos ng hari.” Paano po ninyo natiyak, Mahal na Hari?’, nagtanong ang isang alagad. “Madali lamang. Ang isang tunay na ina ay handang magparaya at magpakasakit para sa kanyang anak.Nakita ko sa babaeng iyan.” pagpapaliwanag ni haring Solomon.

**3. Pagtatalakay:**

a. Tungkol saan ang binasa ninyong kuwento?
b. Ano ang ipinag-utos ng hari na gawin sa bata?
c. Bakit umiiyak ang isang ina?
d. Paano natiyak ni Haring Solomon na ang umiiyak ang siyang tunay na ina?
e. Matalinong pagpapasya ba ang ginawa ng hari? Bakit?

**4. Paglalahat:**

Laging tandaan na ang pasya mo ay dapat na angkop at wasto batay sa iyong mapanuring pag-iisip.

**5. Paglalapat:**

*Pangkatang Gawain*

a. Gumawa ng sariling dula-dulaan tungkol sa sitwasyon na nangangailangan ng tamang desisyon at mapanuring pag iisip.
b. Bawat pangkat ay may labinlimang minuto ng pagtatanghal.
c. Pagkatapos ng pagtatanghal, ipaliwanag ang nagging pasya at solusyon ng Suliranin.

**IV. Pagtataya:**

Sagutin kung tama o mali ang isinasaad ng bawat pangungusap.

_____________ 1. Sumang-ayon sa lahat ng sasabihin ng kaklase.
_____________ 2. Pag-isipan ang bawat desisyon o pasya.
_____________3. Alamin ang dahilan bago tumanggi o sumangayon sa isang pasya.
_____________4. Ipaalam sa magulang ang desisyong nabuo.
_____________5. Mangalap ng tamang impormasyon para sa wastong pagpapasya.

**V. Kasunduaan**

Gumupit ng ibat – ibang larawan na nagpapahiwatig ng problema ng isang pamayanan. Suriin ito isulat ang maaring solusyon o pasya na mabubuo mo batay sa iyong ipinakitang larawan.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Banghay Aralin sa EsP 6**
**Aralin 17-18**
1st Quarter

## I. Layunin:

Isinasaalang-alang ang kapakanan ng mga apektado sa paggawa ng pasiya.
**(EsP6PKP-Ia –i-37)**

## II. Paksang- Aralin

Pasya para sa Nakakarami
B.P: Katotohanan
K.P : Mapanuring Pag-iisip
Sang: CG 1.1.2, EKAWP 6, pahina 10
Kag: Mga larawan

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. Pagsasanay:

Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na salita:

| | | |
|---|---|---|
| Populasyon | epekto | tambak |

2. Pagbabalik-aral:
Anu-ano ang ginagawa ninyo para maging malinis ang lugar na tinitirahan ninyo?

### B. Panlinang na Gawain:

**1. Pagganyak:**
a. Anu-ano ang sakit na kumakalat sa inyong lugar?
b. Ano ang sanhi nito?

**2. Paglalahad:**
Pag-aralan ang nasa larawan. Tungkol saan ang ipinapahiwatig nito?





1. Ano ang makikita sa larawan?
2. Ano ang epekto nito sa kapaligiran?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

3. Paano ito masosolusyunan?
4. Sino ang higit na apektado sa kapabayaan ng bawat isa?
5. Paano mo mapapagpasyahan ang ganitong suliranin?

**4. Paglalahat:**

Ang polusyon sa hangin at tubig ay maiiwasan kung iiwasan din ang pagtatapon ng basura at mga patay na hayop sa butas o basurahan.Kailangan ang masusing pagpapasya bago magsagawa ng anumang gawain at ito ay nangangailangan ng wastong pagiisip.

**5. Paglalapat:**

Pangkatang Gawain

Unang Pangkat- gumawa ng poster tungkol sa pasyang nabuo sa pagtulong ng kalinisan sa pamayanan.

Pangalawang Pangkat- gumawa ng slogan tungkol sa tamang desisyon sa mga suliranin ng pamayanan

Ikatlong Pangkat- gumawa ng komposisyon ng isang rap na nagsasaad ng wastong pagpapasya

**IV. Pagtataya:**

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang posibleng epekto ng polusyon sa hangin?
2. Paano nagkakaroon ng polusyon ang tubig?
3. Ano- ano ang sakit na maaring makuha sa maruminfg kapaligiran?
4. Paano ka makakatulong ang iyong pasya sa kalinisan ng kapaligiran?
5. Sa paggawa mo ng pasya, nakakaapekto ba ito sa iba? Paano?

**V. Takdang - Aralin**

Magsaliksik ng mga suliranin na makikita sa pamayanan. Magtala ng lima at isulat ang Iyong kapasyahan upang mabigyan ito ngh solusyon.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Lesson Plan in EsP 6**
**Aralin 19-20**
1st Quarter

**I. Layunin:**

Sumasang –ayon sa pasya ng nakakarami kung ito'y nakakabuti. **(EsP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksa:**

Pagsang-ayon sa Pasya ng Nakakarami
B.P : Katotohanan
K.P : Mapanuring Pag-iisip
SANGGUNIAN: CG 1.1.2; GMRC To Children p.111-112
KAGAMITAN: Larawan

**III. Pamamaraan:**

A. Panimulang Gawain:

1. Pagsasanay:
    1. Ano ang kahalagahan ng pagdesisisyon?
    2. Paano ito nakaka apekto sa lahat?
2. Balik-Aral: Paaano ka nagdedesisyon sa sumusunod na sitwasyon? e.g. ayaw payagan ng magulang na dumalo sa isang kasiyahan.

B. Panlinang na Gawain:

1. Pagganyak :

    Pagsusuri sa larawang ipapakita (larawan ng mga batang sumisibat sa klase)




2. Pagtatalakay:
    1. Ano ang ipinapahiwatig ng larawan?
    2. Bakit kailangan ang mapanuring pag iisip?
    3. Kung ikaw ay isa sa nasa larawan, makabubuti bang sumama ka? Bakit?

C. Paglalahat:

Ano ang kahalagahan ng tamang pagpapasya?

3. Paglalapat:

1. Pangkatang Gawain

A. Unang pangkat- gumawa ng maikling tula ukol sa tamang pagpapasya.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

B. Pangalawang pangkat- bumuo ng dula-dulaan ukol sa tamang desisyon

C. Ikatlong pangkat- gumawa ng isang sariling komposisyon ng awit na may Kaugnayang sa tamang pagpapasya.

**IV. Pagtataya:**

Ipakita ang tamang pagpapasya sa mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang tamang titik lamang. Isulat ang titik lamang

1. Pinipilit ka na pasamahin manood ng sine ng iyong kakalase, ano ang gagawin mo?
   a. Sasama
   b. mangangako
   c. magpapaalam sa magulang
   d. sasama kahit na hindi payagan
2. Nakita mong kinuha ng klasmeyt mo ang pera ng kanyang katabi, Paano mo ito pagpapasyahan?
   a. Pababayaan
   b. sasabihin sa mga kaklase
   c. isusumbong sa guro
   d. Pagsasabihan
3. Nagsusunog ng basura ang iyong kapitbahay, ano ang gagawin mo?
   a. Tulungan siya sa pagsusunog
   b. Pabayaan na lamang
   c. Pagsabihan siya sa masamang epekto nito sa kalikasan
   d. isumbong
4. Wala ang mga magulang mo at nagugutom ka ngunit wala kang pambili ng pagkain, ano ang maaari mong gawin?
   a. Maghanap ng trabaho
   b. mamalimos
   c. magnakaw
   d. magpunta sa malapit na kamag- anak at sabihin ang nararamdaman
5. Hindi mo nagawa ang gawaing bahay na ibinigay ng iyong guro. Nagsisimula na siyang mag tsek, ano ang gagawin mo?
   a. liliban sa klase
   b. mangongopya sa kaklase
   c. kakausapin ang guro at sasabihin ang dahilan
   d. magbibingi bingihan kung tatawagin

**V. Takdang – Aralin:**

Gumawa ng slogan ukol sa tamang pagpapasya.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO**

Banghay Aralin 21-22

**I. Layunin:**

Napag-aaralan ang gawain o pananagutan bago magbigay ng pasya/konklusyon.

**(ESP6PKPIa-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagtanggap ng Hamon

| | | |
|---|---|---|
| B.P. | : | Pagmamahal |
| K.P. | : | Positibong Pagkilala sa Sarili |
| Sang. | : | CG 1.1.1, EKAWP VI pah. 11 |
| | | Pilipinas: Ang Bayan Ko Ligaya Garcia ph. 156 |
| Kagamitan | : | Larawan |

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Paano mo maipapakita ang pagiging makatuwiran at pantay na pagtingin sa pagbibigay ng pasya?

**B. Panlinang na Gawain**

1. ***Pagganyak***

   Ano ang dapat mong gawin bago magbigay ng pasya?

2. ***Paglalahad***

   Ang Prinsipeng Mambabatas

   "Dapat ilapat sa lahat ang kaparusahan maging siya'y pinakamayaman o pinaka-makapangyarihan sa kaharian. Mataas ang batas kaysa tao." Iyan ang sinabi ng prinsipe ng Aklan ng igawad niya ang parusa ng korte ng tribu sa nagkasalang anak ng matalik niyang kaibigan sa Hagibin…..M.G. pah. 79

3. ***Pagtalakay***
   a. Ilarawan si Kalantiaw.
   b. Paano niya pinatunayan ang kahulugan ng sinabi niya sa unahan?
   c. Paano niya binigay ang pasya niya sa anak ng matalik niyang kaibigan na si Hagibin?
   d. Naging makatuwiran ba ang kanyang pasya?

**C. Paglalahat:**

Ano ang mabuting epekto sa pagtitimbang ng kakayahan sa Gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

## IV. Pagtataya:

Pag-aralan ang ibinigay na sitwasyon.Isulat kung Tama o Mali

1. Malapit mong kaibigan si Lucas, ngunit higit na may kakayahan Si Andres, nagpasiya ka na si Andres ang gawing assistant lider sa inyong grupo.
2. Nagpasiya si Jocelyn kahit hindi magiging maganda ang kalalabasan nito.

## V. Takdang-Aralin:

Ano ang kahalagahan ng pagtitimbang ng kakayahan bago magbigay ng pasya o konklusyon?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

## I. Layunin:

❖ Napag-aaralan ang gawain o pananagutan bago magbigay ng pasya/konklusyon. (ESP6PKPIa-i-37)

## II. Paksang Aralin:

Pagtanggap ng Hamon

| | | |
|---|---|---|
| B.P. | : | Pagmamahal |
| K.P. | : | Positibong Pagkilala sa Sarili |
| Sang. | : | CG 1.1.1, EKAWP VI pah. 11 |
| | | Ang Batang Huwaran 6 pah. 170 |
| Kagamitan | : | Larawan |

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

   Ano ang dapat mong gawin bago magbigay ng pasya?

### B. Panlinang na Gawain

1. ***Pagganyak***

   Nasubukan mo na bang magbigay pasya? Ano-ano ang dapat isaalang-alang bago magbigay ng pasya?

2. ***Paglalahad***

“Ang Tamang Desisyon”

Masayang-masaya ang mga mag-aaral sa Agham ni Bb. Mendoza. Mangyari, pumayag ang punongguro na magsagawa sila ng pang-edukasyong paglalakbay batay sa pinag-aaralan nilang leksyon tungkol sa mga hitsura at ugali ng ibat-ibang hayop na matatagpan sa Pilipinas. Sa Manila Zoo at Parks and Wild Life Sanctuarry sa Metro Manila balak pumunta.

”O ano mga bata, payag ba kayo sa lugar na napili natin?” mahinahong tanong ng guro.

“Opo” malakas na sagot ng marami.

“Hindi” Malakas ding tanggi ng mga, bata.

“Hintay muna. Mukhang mayroon kayong mga kamag-aral na hindi sangayon sa binabalak natin. “Maari bang malaman ko ang iyong dahilan?” maunawaing tanong ni Bb. Mendoza.

Tumayo si Boy at nagwika, “Eh, kasi Mam, ayaw po naming ditto sa Metro Manila. masyadong malapit at mukhang hindi na po eksayting. Lagi po kasing naman natin nakikita ang lugar na ito.”

Tumayo ang isa pa rin, “Opo nga! sabi nito. “Ibig po namin ay sa Los Baños, o kaya ay sa Lipa o Tagaytay. Masarap daw po doon at magaganda ang tanawin,”


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

“Totoo ang sinabi ninyo, mga bata,” sabi ng guro. “Subalit dapat ninyong isipin kung ano ang layunin ng ating paglalakbay. Ito ay hindi pagliliwaliw lamang. Ito ay pag-aaral. At hindi natin matatagpuan sa mga sinasabi ninyong lugar ang mga bagay na dapat nating pag-aralan,” patuloy na pagpapaliwanag ng guro.

Saglit na tumahimik ang klase .Nag-isip mabuti si Boy at mga kasama niya sa sinabi ng guro. Mayamaya nagkaroon na ng magandang reaksyon ang mga bata sa kanilang pinag-uusapan.

“Ano ang masasabi mo ngayon, Boy?” tanong na muli ng guro sa mag-aaral. “Pumapayag na ba kayo ng mga kaibigan mo sa pupuntahan nating lugar?” patuloy na tanong Bb. Mendoza.

“Napag-usapan po namin na tama kayo, kaya pumayag na po kami,” parang nahimasmasang tugon ni Boy. “Ipagpapaumanhin po ninyo ang di naming pagsang-ayon kaagad,” paghingi ng dispensya ni Boy.

Ngumiti lamang ang guro at nagwika, “Kung ganoon sasama kayong lahat sa pang-edukasyong paglalalkbay na ito, ano?” pagpapatibay ng guro.

“Opo,” halos sabay-sabay na pagsang-yon ng mga magkakaeskwela.

“Kung ganoon, ngayon pa lamang ay bibigyan ko na kayo ng sulat na lalagdaan ng inyong magulang bilang pagpapatunay na kayo’y pinapayagang sumama sa paglalakbay na ito. Ibigay ninyo ito sa akin sa lunes,” tagubilin ni Bb. Mendoza.

3. ***Pagtalakay***

Sagutin ang mga tanong:
1. Bakit tumanggi noong una ang ibang mga bata sa balak na pupuntahang lugar?
2. Paano sila nakumbinsi ng guro na sumang-ayon sa pasiya ng nakakarami.
3. Sa palagay mo, tama ba ang ginawa nilang desisyon? bakit?

**C. Paglalahat:**

Ano ang mabuting epekto sa masusing pag-aaral ng kakayahan sa gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon?

**D. Paglalapat**

Pangkatang Gawain:

Panuto: Pumili ng isang lider, tagaguhit, taga balita at tagasulat. Gumawa ng isang poster tunkol sa pagpapaunlad ng paaralan.

**IV. Pagtataya:**

Pag-aralang mabuti ang mga gawain at sabihin kung bakit tama o mali ang desisyon sa sumusunod na sitwasyun.

1. Nagkasundo kayong magkaibigan na magsaliksik sa aklatan. Tumanggi ka at nanood ng seni.
2. May usapan kayong dadalo sa pulong ng *Clean and Green* sa barangay hall. Hindi ka dumating dahil sumama ka sa iyomg tiya sa pamimili.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

3. Pinagkasunduan sa miting ng mga magulang at guro na magbibigay ng tiglimang piso ang bawat magtatapos na bata bilang donasyon sa gawaing bagong entablado. Pumayag ang iyong magulang ngunit hindi ka binigyan ng perang pandonasyon.
4. Ang buong klase ay nagkasundong magsagawa ng pag-aaral sa Laguna Ecocentrum. Nakarating ka na roon, subalit sumama ka pa rin.

**V. Takdang-Aralin:**

Magbalak kayo sa bahay ng gagawin ng buong mag-anak sa Paskong darating. Itala mo ang mga sumang-ayon. Alamin ang dahilan ng pagtanggi. Isulat ang naging huling desisyon.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

## I. Layunin:

Napag-aaralan ang gawain o pananagutan bago magbigay ng pasya/konklusyon.
**(ESP6PKPIa-i-37)**

## II. Paksang Aralin:

Pagtanggap ng Hamon

B.P. : Pagmamahal
K.P. : Positibong Pagkilala sa Sarili
Sang. : CG 1.1.1, EKAWP VI pah. 11
Ang Batang Huwaran 6 pah. 170
Kagamitan : Larawan

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***
   Ano ang magandang resulta sa masusing pagsusuri ng sitwasyun o gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon?

### B. Panlinang na Gawain

1. ***Pagganyak***
   Mahalaga bang pag-aralan muna ang gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon? Bakit?

2. ***Paglalahad***

**A.**



**B.**



Ano ang pipiliin mo?

3. ***Pagtalakay***

A. Sagutin ang mga tanong:
1. Alin sa dalawang pagkain ang masustansiya? Bakit?
2. Alin sa dalawa ang mas mataas ang presyo?
3. Alin sa dalawang pagkain ang hindi maganda sa ating kalusugan? Bakit?
4. Alin sa dalawang pagkain ang pampatibay ng katawan para maka-iwas sa ibat-ibang sakit? Bakit?
5. Ano ang pipiliin mo? Bakit?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

B. Pumili ng isang salita na dapat pag-aralan bago magpasya. Ipaliwanag

impormasyon sitwasyon payo pagkakataon

.

**C. Paglalahat:**

Ano ang magandang epekto sa masusing pagsusuri ng sitwasyon at gawain bago magpasya o magbigay ng konklusyon?

**D. Paglalapat:**

Basahing mabuti ang sitwasyon at sumulat ng maikling talata tungkol sa iyong pagpapasya bilang isang magaaral.

Nakita mong nagsusuntukang si Peter at si Mark sa labas ng klasrum. Madalas masangkot si Mark sa away o anumang gulo sa paaralan. Bilang isang magaaral, ano ang gagawin mo?

**IV. Pagtataya:**

Pag-aralang mabuti ang sitwasyon at punan ng angkop na pagpapasya o konklusyon ang patlang.

1. Mahuhuli ka na sa iyong klase. Nakakita ka ng balot ng beskwet sa daan:

   ______________________________________________

2. Naiwala mo ang perang pambili ng bigas. Nakita mung nahulog ang walet ng iyong guro.

   ______________________________________________

3. Bomoto ang iyong kaklase kay Jane bilang Presidente na siyang may pinakamataas na marka sa klase. Sangayon ka ba sa iyong kaklase?

   ______________________________________________

4. Gusto mong sumali ng sayaw para sa *Nutrition Month Celebration* ngunit nahihiya kang magpalam sa iyong Guro.

   ______________________________________________

5. Bumili ng mahal na Cellphone si Grace kahit alam niyang kulang ang perang pambili ng gamot ng kanyang ina.

   ______________________________________________

**V. Takdang-Aralin:**

Sumulat ng isang talata tungkol sa tamang pagpapasya upang mapa-unlad ang kumunidad.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO**

Banghay Aralin 23-24

**I. Layunin:**

Natitimbang ang kakayahan sa gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon.
**(ESP6PKPIa-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagtanggap ng Hamon

B.P. : Pagmamahal

K.P. : Positibong Pagkilala sa Sarili

Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI pah. 11, Likas na Pilipino Lagrimas A. Vangurdin ph. 89, CG 1.1.1

Kagamitan : Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

   Dapat ba na pag-aralan muna ang gawain o pananagutan bago magbigay ng pasya o konklusyon.

**B. Panlinang na Gawain**

1. ***Pagganyak***

   Anu-ano ang mga bagay na dapat isaalang-alang bago magbigay ng pasya o konklusyon?

2. ***Paglalahad Ibahagi ang maikling kwento.***

Wastong Desisyon sa Pagboto

Ang pamunuan ng lahat ng bata sa ika-limang baitang ay magbotohan upang piliin ang tunay na lider ng pangkat. Abalang-abala ang mga bata sa paglalagay ng huwarang balota sa kani-kaniyang pangkat. Ang bakuran ng paaralan ay marami nang nakapaskil na listahan ng mga kandidato.

3. ***Pagtalakay***

   a. Ano ang sinabi ni Susan tungkol sa matalinong pagboto?
   b. Kung ikaw ay boboto, sino ang ihahalal mo? Bakit?
   c. Kandidato ang kaibigan mo sa pagkapangulo. Alam rnong hindi niya kaya ang tungkulin. Iboboto mo ba siya? Bakit?

**C. Paglalahat:**

Ano ang mabuting epekto sa pagtitimbang ng kakayahan sa gawain bago magbigay ng pasya/ konklusyon?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**D. Paglalapat:**

Napili ka ng inyong guro na sumali sa paligsahan ng pagsulat ng sanaysay. Ngunit alam mong mayroon kang kamag-aral na may higit na kakayahan upang sumali dito. Tatanggapin mo ba ang pananagutang ito a hindi? Bakit?

**IV. Pagtataya:**

Pagtitimbang-timbangin ang mga sitwasyon .sIsulat kung tama o mali ang gawain.

_____ 1. Sinusuri ni Elsa ang mga sitwasyon bago magbigay ng pasya.
_____ 2. Pinsan mo si Mariel, kaya't siya ang ibinoto mo kahit hindi siya karapat-dapat.
_____ 3. Napagdesisyunan ng guro mo na si Ana ang gawing lider dahil sa kanyang kakayahan.

**V. Takdang-Aralin:**

Ano ang kahalagahan ng pagtitimbang ng kakayahan bago magbigay ng pasya o konklusyon?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

## I. Layunin:

Natitimbang ang kakayahan sa gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon.
**(ESP6PKPIa-i-37)**

## II. Paksang Aralin:

Pagtanggap ng Hamon

B.P. : Pagmamahal
K.P. : Positibong Pagkilala sa Sarili
Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI pah. 11, Likas na Pilipino Lagrimas A. Vangurdin ph.89, CG 1.1.1
Kagamitan : Larawan

## III. Pamamaraan:

### A. Panimulang Gawain

1. ***Balik-aral:***

   Kailangan bang malaman ang kakayahan upang makapagbigay ng pasya/konklusyon?

### B. Panlinang na Gawain

1. ***Pagganyak***

   Pangkatin ang mga mag-aaral para sa isang laro. Ang bawat pangkat ay pipili ng kanilang magiging lider. (Tumbang Preso)

2. ***Paglalahad***

   Ipabahagi sa mga bata ang kanilang mga natutunan sa laro. (Tumbang Preso)

3. ***Pagtalakay***
   a. Tama ba ang inyong estratehiya sa paglalaro?
   b. Ano ang inyong ginawa upang manalo?
   c. Paano ninyo pinili ang inyong lider? Ano ang inyong isinaalang-alang sa pagpili sa kanya?
   d. Tama ba ang inyong desisyon sa pagpili ng inyong magiging lider?

### C. Paglalahat:

Ano ang dapat suriin upang makapagpasya at magtagumpay sa bawat gawain?

### D. Paglalapat:

Isulat ang mga kakayahang dapat taglay ng isang epektibo at mahusay na lider.


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**IV. Pagtataya:**

Lagyan ng tsek ang kakayahang dapat taglay ng isang lider.

_____ 1. matapang

_____ 2. matatakutin

_____ 3. tamad

_____ 4. matalino

_____ 5. matatag ang loob

**V. Takdang-Aralin:**

Paano mo maipapakita na ikaw ay may kakayahan upang maging isang magaling na lider?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**I. Layunin:**

Natitimbang ang kakayahan sa gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon.
**(ESP6PKPIa-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Pagtanggap ng Hamon

B.P. : Pagmamahal

K.P. : Positibong Pagkilala sa Sarili

Sang. : ELC 1.1.1 EKAWP VI pah. 11, Likas na Pilipino Lagrimas A. Vangurdin ph. 89, CG 1.1.1

Kagamitan : Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

1. ***Balik-aral:***

Bakit kailangang malaman ang kakayahan sa gawain bago magbigay ng pasya/konklusyon?

**B. Panlinang na Gawain**

1. ***Pagganyak***

Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ay nanalo sa isang patimpalak?

2. ***Paglalahad***

Ibahagi ang kwento sa ibaba.

Ako ang Nagwagi

Si Hannah ay mahilig sumayaw, marami siyang idolong mananayaw sa telebisyon. Gusto niyang maging isang sikat na mananayaw balang araw. Isang araw ay may inanunsyo ang prinsipal ng kanilang paaralan, may magaganap na paligsahan sa pagsasayaw. Nagdesisyon siyang sumali, nagpraktis siya ng maigi araw-araw. Sa araw ng paligsahan kinabahan siya dahil nakita niyang magagaling ang kanyang mga katunggali. Ngunit hindi siya pinanghinaan ng loob, hinusayan at ibinigay niya ang kanyang buong galing. Sa huli, si Hannah ang itinanghal ng mga hurado na kampeon sa sayawan. Masayang-masaya si Hannah sa kanyang nakamit na tagumpay.

3. ***Pagtalakay***

a. Ano ang ipinakita ni Hannah sa paligsahan upang siya ang tanghalin na kampeon?
b. Mayroon bang kakayahan si Hannah para siya ay magwagi?
c. Ano ang naging basihan ng mga hurado sa kanilang pasya?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**C. Paglalahat:**

Anu-ano ang kakayahang dapat timbangin upang makapagbigay ng tamang pasya/konklusyon?

**D. Paglalapat:**

Magbigay ng mga kakayahang dapat taglayin upang makamit ang pasyang inaasam mula sa nakararami.

**IV. Pagtataya:**

Pagtimbang-timbangin.Isulat ang Oo o Hindi sa patlang.

_____ 1. Si Beth ay magaling gumuhit kaya siya ang isinali ng kanilang guro sa paligsahan, tama ba ang pasya ng kanilang guro?

_____ 2. Si Ricky ay marunong lumangoy ngunit tamad siyang mag-ensayo araw-araw, tatanggapin ba niya ang pagsali sa isang "Swimming Contest"?

_____ 3. Nanalo si Janet sa isang paligsahan sa pag-awit kahit na hindi siya ang pinakamagaling sa lahat ng mga sumali dahil lamang dalawa sa mga hurado ay kanyang kamag-anak. Tama ba ang pasya ng mga hurado?

_____ 4. Nag-eensayo araw-araw si Darren para sa nalalapit na "Dance Contest" sa kanilang paaralan ngunit ayaw ng kanyang ina na sumali siya sapagkat takot itong matalo siya. Dapat ba niyang ituloy ang pagsali sa paligsahan?

_____ 5. Nagpasya ang mga hurado na si Bea ang panalo sa paligsahan sa pagpinta sapagkat ang kanyang gawa ang pinakamaganda at pinaka may magandang tema. Tama ba ang pasya ng mga hurado?

**V. Takdang-Aralin:**

Kung ikaw ay sasali sa isang paligsahan? Ano ito at bakit? Anong kakayahan meron ka upang magtagumpay sa iyong pasya?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**BANGHAY-ARALIN SA ESP 6**
(1ST QUARTER)
**ARALIN 25-30**

**I. Layunin:**

Nakagagawa ng solusyon batay sa wastong impormasyon.
**( EsPPKP Ia-i-37 )**

**II. Paksang Aralin:**

Paggamit ng Wastong Impormasyon
B. P. : Katotohanan
K. P. : Mapanuring Pag-iisip
Sanggunian : K to 12 Grade 6 CG, EsP CG 1.3 p.81
Ang Batayang Huwaran 6 p. 172 – 174
Kagamitan: Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Pagsasanay:**

Pagbasa sa mga sumusunod na nasa plaskard
*pahayagan *ensayklopediya * atlas
* almanac * diksyunaryo

**2. Balik – aral:**

Bakit kabutihan ng nakararami ang ating pahahalagahan sa pagbibigay ng desisyon?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. Pagganyak:**

Magpakita ng isang larawan sa mga bata, tanungin sila kung ano ang napapansin nila sa larawan at ano ang masasabi nila.




All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**2. Paglalahad ng Gawain:**

Pagbasa ng kwento. Ipabasa sa mga bata nang tahimik, " May Tanging Solusyon sa Tuwina" p. 172 – 174

May tanging Solusyon sa Tuwina

Dumating ang araw ng Lunes. Ipinasa ng mga bata ang papel na may lagda ng kanilang mga magulang sa pagtungo sa Manila Zoo at Parks and Wildlife Sanctuary.

Ngunit malungkot si Deo. Hindi siya pinayagang sumama. Tinanong siya ni Bb. Mendoza at kinausap nang sarilinan. Nang matapos ang kanilang pag-uusap, humarap ang guro sa klase. "Mga bata, natatakot ang mga magulang ni Deo na baka mapahamak siya sa mga hayop na naroon sa zoo, kaya ayaw siyang payagan. Ano ang masasabi ninyo?"

Tumayo ang pangulo ng klase at nagwika. " Hindi ka dapat mabahala, Deo. Ang mga hayop sa zoo ay nakakulong sa mga kulungang may susi. Bukod pa rito, may mga tagapangangalaga ang mga ito."

"At saka may mga alituntunin tayong susundin upang di mapahamak," susog pa ni Dick.

Tumunog na ang bel. Uwian na ay malungkot pa rin si Deo. Napuna siyang muli ng guro at nilapitan siya. "Deo, ipaliwanag mo sa mga magulang mo ang narinig mo sa klase at huwag kang mawalan ng pag-asa. Nais kong makasama ka. Mahalaga ang matutuhan mo sa pang-edukasyong paglalakbay na ito," hikayat pa ng guro.

Tumango lamang si Deo at humakbang na pauwi. Maglalakad na lamang siya habang nag-iisip.

Kinabukasan, maagang dumating sa paaralan si Deo. Maliksi ang katawan nito at mukhang masayang-masaya.

"Ano ang sikreto mo, Deo at ganyan ang hitsura mo?" natutuwa rin subalit nagtatakang tanong ni Bb. Mendoza.

"Naunawaan na po ng aking mga magulang na hindi sila dapat matakot, ganoon din po ako. Basta susundin ko po lamang ang dapat na pag-iingat at tagubilin ninyo Bb. Mendoza," hindi magkandatutong sagot ni Deo. "Payag na payag nap o sila. Heto nga po pala ang pirmadong papel ng pagpayag," sabay abot nito sa nakatawang guro.

Nagpalakpakan sa tuwa ang mga bata dahil lahat sila ay makakasama na.

3. Pagtatalakay:

Sagutin ang mga tanong:

1. Bakit hindi pinayagang sumama sa paglalakbay si Deo ng kanyang mga magulang?
2. Ano ang ginawa ng pangulo sa klase at ni Dick upang magkaroon ng solusyon ang problema ni Deo?
3. Paano napapayag ni Deo ang mga magulang niya sa bandang huli na pasamahin na siya?

**4. Paglalahat:**

Ano ang kahalagahan ng wastong impormasyon sa paggawa ng solusyon?



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**IV. Pagtataya:**

Ano ang magagawa mong solusyon sa mga suliraning ibinigay:

1. Wala akong aklat hindi ko masasagutan ang takdang – aralin na ibinigay ng guro.
2. Wala akong piso para sa Alay-lakad.
3. Nawala ang perang pamasahe sana sa pag –uwi ni Ana.
4. Bago ang sombrero ng kapatid mo. Gusto mong isuot at ipakita sa mga kaibigan mo.
5. Namitas ng mga bulaklak sa halamanan ng kapitbahay nang walang paalam.

**V. Takdang – Aralin**

Gumawa ng talaan na may dalawang hanay. Itala ang mga suliranin ayon sa iyong mga karanasan para sa unang hanay at mga solusyon nito sa ikalawang hanay.

| SULIRANIN | SOLUSYON |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**I.Layunin:**

Nakagagawa ng solusyon batay sa wastong impormasyon
(EsP6PKP Ia-i-37)

**II. Paksang Aralin:**

Paggamit ng Wastong Impormasyon
B. P. : Katotohanan
K. P. : Mapanuring Pag-iisip
Sanggunian: K to 12 Grade 6 CG., EsP CG. 1.3 p. 81
EKAWP VI p. 10
Kagamitan: laruang aso, sipi ng suliralin, larawan ng isang aso

**III. Pamamaraan:**

A. Panimulang Gawain:

1. **Pagsasanay**:
   Anong mga alagang hayop mayroon kayo?
2. **Balik – aral:**
   Ano ang maaaring ilunsad o itatag laban sa paggawa ng mga bagay o produktong may masamang apekto sa kalusugan at kapaligiran?

**B. Panlinang na Gawain:**

1. **Pagganyak:**
   Tungkulin ba nating tingnan ang kabutihan o kapakanan ng nakararami? Bakit?
2. **Paglalahad:**
   Ipakita ang larawan ng isang aso, pag-usapan.
   Pagtanghalin ng isang piping palabas ang ilang piling mag-aaral. Sisikaping mailahad bago pa dumating ang araw ng palabas.
3. **Pagtatalakay:**
   Sagutin ang mga tanong:
   1. Sino ang tunay na may-ari ng aso?
   2. Paano ito tratuhin ni Tony?
   3. Bakit ayaw isauli ni Tito ang asokay Tony?

**C. Paglalahat:**

Ano ang kahalagahang ipinakita ng ating ginawa?

**IV. Pagtataya:**

Lutasin ang mga suliranin. Ibigay ang magagawa mong batayan sa pagbigay ng iyong solusyon.

1. Kapwa lumapit sa iyo na umiiyak ang dalawa mong pinsan na nag-aangkinan ng isang laruan.Alam mo na ito ay kay Ana na walang ingat sa kanyang gamit. At ngayon ay napulot ni Betty na masinop. Kanino mo ito ibibigay? Bakit? Ano ang iyong gagawin upang walang magdamdam na sino man?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

2. Nagkagalit sina Pepe at Lito. Naunang maghamon ng away si Lito dahil sinabi ni Boy sa kanya na hindi kapani-paniwala ang matatatas na marka ayon kay Lito. Nauwi sa malaking away ang lahat. Sino sa kanila ang may kasalanan? Bakit?

**V. Takdang – Aralin:**

(Buuin mula sa mga mag-aaral)

1. Pag-aralan munang mabuti ang suliranin bago gumawa ng pasiya.
2. Alamin muna ano mga kanilang impormasyon bago gumawa ng solusyon.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**I. Layunin:**

Nakagagawa ng solusyon batay sa wastong impormasyon

**(ESP6PKP-Ia-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Paggamit ng Wastong Impormasyon

B. P. : Katotohanan

K. P. : Mapanuring Pag-iisip

Sanggunian: K to 12 Grade 6 CG, EsP. CG 1.3 p. 81

Ang Batayang Huwarang 6 p. 162-164

Kagamitan: larawan ng taong naggamit ng insecticide

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. Pagsasanay:**

Pagbigay ng mga insecticide na ginagamit sa bahay.

**2. Balik-aral:**

Ano ang kahalagahan ng wastong impormasyon sa paggawa ng solusyon?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. Pagganyak:**

Mahalaga ba ang makatanggap lahat ng mamamayan ng tamang impormasyon tungkol sa paggamit ng insecticide?

**2. Paglalahad:**

Pagbasa ng aralin 46 ng Batang Hulwarang 6 p. 162-164

Insecticides: Tunay na Pamatay!






All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

"Ang insecticide" ay isang kemikal na ginagamit uopang puksain ang mga kulisap na sumisira sa mga pananim kagaya ng mga prutas, palay, at gulay. Kapag hindi marunong at walang ingat ang gumagamit nito, ang insecticide ay magsisilbing lason na nakamamatay kapag napasama sa pagkain ng tao," wika ng unang bahagi ng tala.

"Hindi maiiwasan ng mga magtatanim ang paggamit nito kaya ang malaking pag-iingat ay nasa sa mga gumagamit o kumakain ng mga pananim na ginagamitan nito. Upang makatiyak na ligtas sa insecticide ang mga pagkaing prutas at gulay, narito ang ilan lamang sa mahahalagang tagubilin na maaari ninyong gawin:

1. Hugasan nang makailang ulit ang gulay bago iluto.
2. Hugasan din nang makailang ulit ang prutas bago isubo ito o bago kainin.
3. Huwag bumili ng mga prutas o gulay na matigas na matigas ang kalamnan kahit hinog na o lanta na. Maaring may isprey na pormalin ang mga ito upang mapreserba nang matagal.
4. Makakabuting magtanim ng sariling gulay at punong prutas.
5. Iwasan ang paggamit ng insecticide kung hindi marunong.
6. Gawing laging malinis ang taniman upang hindi dalawin ng insekto ang mga tanim.

"O, ano mga bata, natapos na ba ninyo ang impormasyong ibibigay ninyo sa mga makikinig sa inyong palatuntunan sa Lunes?" nakabiglang tanong ni Gng. Gollez, gurong tagapatnubay sa mga bata. "Dadalo sa palatuntunang iyan ang mga magulang at mamamayan ng iba't ibang barangay. Kailangang maayos at malinaw ang inyong mga sasabihin," masusi pa nitong pahabol.

"Opo, Gng. Gollez. Narito na po ang talaan. Kaya lang, may nais pa po kaming idagdag na mahalaga. Mamaya po ay ipawawasto naming sa inyo ang aming inihanda," magalang na sagot ng lider na si Mary.

"Magaling! Nais ko'y maging handa kayong mabuti lalo na sa parteng may bukas na tanungan. Kailangan talaga ng mga mamamayan ang tamang impormasyon tungkol diyan sa insecticide. O, hale, maghihintay ako sa inyo. Ipagpatuloy ninyo ang inyong ginagawa," at anyong paalis na ito nang parang may naisip pa itong sabihin: "Salamat sa inyong kusang pagtulong sa pagbibigay ng impormasyon. Kasihan kayo ng Diyos sa inyong ginagawa," at tuluyan na itong umalis upang harapin ang iba namaSng bagay.

3. **Pagtatalakay:**

   Sagutin ang mga tanong:

   1. Ano ang insecticides?
   2. Saan at paano ito gagamitin?
   3. Anu-ano ang mabuti at masamang epekto nito?
   4. Ano ang dapat mong gawin upang makasiguro na ligtas sa insecticides ang pinamili mong pagkaing gulay at prutas?
   5. Anong kusang pagtulong ang ginagawa ng magkakaklase tungkol sa insecticides?


All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**c. Paglalahat:**

Gaano kahalaga ang pagbibigay ng wastong impormasyon sa mga tao tungkol sa isang produkto?

**IV. Pagtataya:**

Sagutin ng tama o mali ang mga sumusunod na ginagawa:

1. Magbigay ng tamang impormasyon sa paggamit ng lason sa mga kasambahay.
2. Panatilihing malinis tuwina ang loob at labas ng bahay upang hindi bahayan ng pesteng hayop o kulisap.
3. Ihiwalay ang mga bote, kahon o supot ng mga pamatay-hayop o kulisap.
4. Ilagay ang mga insecticides kasama sa mga gamit pangkusina.
5. Pagsulat ng mga label sa bawat bote, o kahon sa mga insecticides.

**V. Kasunduan:**

Isulat ang mga Gawain sa bahay tulad ng paghihiwalay sa mga bote, kahon o supot ng mga insecticide.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

**Lesson Plan in EsP 6**

**Aralin 31-32**

1st Quarter

**I. Layunin:**

Nakagagawa ng solusyon batay sa wastong impormasyon.

**(ESP6PKPIa-i-37)**

**II. Paksang Aralin:**

Paggamit ng Wastong Impormasyon

B.P. : Katotohanan

K.P. : Mapanuring Pag-iisip

Sang. : EsP CG 1.3 p. 81

Kagamitan : larawan ng mga batang nagpupulong

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain**

**1. Pagsasanay:**

Pagbasa sa mga sumusunod:

*Pahayagan *Almanac *Atlas

2. ***Balik-aral:***

Ano ang kahalagahan ng wastong impormasyon sa paggawa ng solusyon?

**B. Panlinang na Gawain**

**1. *Pagganyak:***

Saan tayo dapat makakuha ng wastong impormasyon sa paggawa ng solusyon?

***2. Paglalahad:***

Basahin:

Ang aralin sa klase ni Bb. Reyes ay tungkol sa mga uri ng pataba sa lupa. Pinagtatalunan nila kung alin sa mga pataba ang nababagay sa palay. Hindi sila makakagawa ng tamang desisyon. Tumayo si Elena at binasa ang tungkol sa mga pataba. Ayon sa aklat, ang pinakamabisang pataba sa palay ay 14-14-4. Sinabi rin sa aklat ang kagandahang dulot ng patabang ito. Matapos basahin ni Elena ang impormasyon, napagkasunduan ng marami na iyon ang gagamitin na pataba ng palay.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.

3. ***Pagtalakay:***

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang aralin sa klase ni Bb. Reyes?
2. Ano ang pinagtatalunan sa kanyang klase?
3. Sino ang tumayo upang magbigay ng wastong impormasyon?

4. Kung kayo si Elena, gagawin mo rin baa ng ginawa niya?

**C. Paglalahat:**

Ano ang kahalagahan ng wastong impormasyon sa paggawa ng solusyon?

**IV. Pagtataya:**

Ano ang nararapat nating gawin upang makagawa tayo ng tamang solusyon batay sa wastong impormasyon?

**V. Kasunduan:**

Sisikaping magkaroon ng paaralan sa pagbabasa ng mga aklat na kanais-nais para sa wastong impormasyon.



All rights reserved. No part of this materials may be reproduced or transmitted in any form or by means – electronics or mechanical including photocopying without written permission from DepEd Regional Office VIII.